Sa Pag-IBIG....
...ang pinaghirapan, may katuparan..



Si G. Lito Bugarin, kasama ang kanyang mag-inang Babes at Cara.

Bagong bayani ang turing sa ating mga Overseas Filipino Workers (OFWs) sapagkat ang kanilang pagpapagod at pakikipagsapalaran sa ibayong dagat ay hindi lamang pakinabang sa kanilang mga pamilya kundi maging sa ating bansa. Dahil sa perang kanilang ipinapadala, natutustusan ang pangangailangan ng kanilang mga mahal sa buhay habang tinutulungan din nila ang Pilipinas sa pamamagitan ng *dollar remittances* na pumapasok sa ating ekonomiya.

Higit na bayaning maituturing ang mga OFWs na nagagawa pang isabay ang pagtulong sa mga kababayan habang malayo sa bayan. Ganito ang kuwento ni G. Carlito "Lito" Mercado Bugarin na nagtatrabaho bilang Group Finance Manager sa Mohammed Jalal and Sons Co. sa Bahrain. Masasabing isa sa mga matatagumpay na OFWs si Lito subalit ang pagtulong sa kanyang mga kababayan ay nagsimula pa bago pa man niya narating ang kasalukuyang posisyon.

Taong 1993 nang magpasiya si Lito na tumulak patungong Bahrain. Pagbabalik tanaw ni Lito, bagsak ang ekonomiya ng Pilpinas nang taong iyon at mahirap makakita ng trabahong magbibigay sa kanya ng mataas na sweldo. Maliban pa dito, ang kanyang *trading business* ay hindi rin kumikita ng maganda.

Puhunan ang sipag, tiyaga at titulong *Certified Public Accountant,* naging matagumpay si Lito sa Bahrain. Bagama't malaki ang kinikita sa kanyang pinapasukan, siniguro ni Lito na may sapat na pera siyang naiipon upang paghandaan ang kanyang pagreretiro kung kaya't noong 2003, minabuti niya na maging kasapi ng **Pag-IBIG Overseas Program (POP**) kung saan siya ay regular na naghulog hanggang December 2012.

Makalipas ang 10 taon, si Lito ay nagkaroon ng kabuuang impok na umabot sa $7,634.37 o katumbas na P 310,360.04. Sa halagang ito, $1,118.09 ay dibidendong kinita ng kanyang pera bilang isa sa mga benepisyong ipinagkakaloob ng Pag-IBIG Fund. Ayon kay Lito, kanyang ilalagay ang perang ito sa isang pamumuhunang bagama't mababa ang interes ay sigurado naman ang kita. Ayon naman sa kanyang maybahay na si Gng. Florianne Theresa Suzette "Babes" Solis-Bugarin, bahagi ng halagang ito ay kanilang gagamitin sa pagbibiyahe sa ibang bansa.

Matapos matanggap ang ipon sa POP, ipinahayag ni Babes ang intensiyon ng kanyang asawa na patuloy na mag-impok. Sa pagkakataong ito, sa ilalim ng **Modified Pag-IBIG 2 Program o MP2.** Ang MP2 ay isang **boluntaryong programa sa pag-iimpok na nagkakaloob ng mas mataas na dibidendo para sa mga aktibong miyembro ng Pag-IBIG 1**. Ang Pag-IBIG 1 naman ay ang **programa kung saan ang lahat ng OFWs ay kinakailangang maging kasapi ng Pag-IBIG, ayon na rin sa batas.**

Maliban sa pag-iimpok, si Lito ay isa rin sa mga kasaping OFWs na nagkakabahay dahil sa Pag-IBIG Fund. Ilang buwan matapos siyang magpa-rehistro, siya ay napagkalooban ng **P2,000,000.00 *housing loan* na kanyang binayaran sa loob lamang ng 10 taon.** Ang bahay at lupa sa Paranaque na kanyang nabili sa halagang ito ang nagsisilbing tahanan ngayon ng kanyang mag-inang si Babes at Cara.

Dahil sa naging magandang karanasan ni Lito sa Pag-IBIG Fund, minabuti niyang makipagtulungan kay Dra. Josephine Fernandez, *Information Officer* ng Pag-IBIG sa Bahrain upang mas mapalaganap at mapa-igting ang kampanya patungkol sa mga programa at benepisyong ipinapagkaloob ng ahensiya sa mga kasapi nito. Dahil dito, inaasahang sa pamamagitan ni Lito ay mas maraming mga OFW pa ang magiging kasapi ng Pag-IBIG sa Bahrain.

Base sa panayam kay Babes, ang gawaing may kinalaman sa pagsasalita ay hindi na bago kay Lito na isang aktibong miyembro ng *Toast Masters International* (TMI). Siya rin ay kasapi at opisyal ng mga Filipino Organizations sa Bahrain kabilang na ang Philippine Institute of Certified Public Accountants (PCPA), Philippine Professional Organization (PPO), at Order of Knights of Columbus (OKOC).

Bukod sa bihasang mananalita, isa ding likas na matulungin na tao si Lito. Dahil sa kanyang aktibong pagtulong sa kapwa, ilang beses nang nabigyan ng parangal at pagkilala si Lito ng iba't-ibang organisasyon sa Bahrain. Binigyan siya ng parangal ng OWWA, Philippine Overseas Labor Office (POLO) at Philippine Embassy, para sa kanyang partisipasyon sa programang "Handog Silid Aralan" kung saan apat na silid aralan sa elementarya ang naipatayo sa mga probinsiya ng Agusan at Cagayan de Oro. Si Lito ay nagtuturo din ng *Accounting* at *Investment* sa mga Filipino *professionals* na walang bayad. Nagkakaloob din siya ng *scholarships* sa ilang mga batang matatalino subalit walang kakayahang makapag-aral.

Maituturing nga na isa si Lito sa mga Pilipinong nagtagumpay sa ibang bansa. Subalit, sa kabila ng tagumpay na tinatamasa niya ngayon ay mahalaga pa rin sa kanya ang pag-iimpok para sa kinabukasan. Ito ay isang pagpapatunay na ang mga benepisyo ng Pag-IBIG Fund ay malaking bagay hindi lamang sa mga ordinaryong manggagawa kundi maging sa mga tulad rin ni Lito. Ito rin ay nagpapakita na ang mas mataas na impok ay nangangahulugan ng mas malaking benepisyo.

Sa hulog na $600 taun-taon o $50 kada buwan, mas may kasigurahan ang pagkukunan ni Lito sa panahon ng kanyang pagreretiro dahil **sa Pag-IBIG, ang pinaghirapan, may katuparan.**